Bay Area Air District

# Programa Para sa Reklamo Tungkol sa Kalidad ng Hangin



Nakakatanggap ang Air District ng humigit-kumulang 5,000 reklamo tungkol sa kalidad ng hangin taun-taon mula sa mga miyembro ng publiko. Ang pagsisiyasat at paglutas sa mga reklamong ito ay isa sa aming pinakamataas na priyoridad para mabawasan ang polusyon sa hangin sa labas. Ini imbestigahan ang bawat reklamong natatanggap tungkol sa kalidad ng hangin para matiyak ang pagsunod sa mga regulasyon.

**MGA URI NG PANGKALAHATANG REKLAMO TUNGKOL SA KALIDAD NG HANGIN**

- Mga amoy
- Alikabok
- Usok/Sunog
- Iba pang pamparumi ng hangin, kagaya ng asbestos

**MGA EMISYON MULA SA . . .**

- Mga plantang pang-industriya
- Mga dalisayan
- Mga lokal na negosyo
- Mga istasyon ng gas
- Pagsunog ng kahoy sa tirahan
- Mga sunog sa labas
- Mga lugar ng konstruksyon
- Asbestos mula sa renobasyon at demolisyon
- Mga idling na trak at bus
- Mga Umuusok na Sasakyan

## Paano Maghain ng Reklamo

Mag-ulat ng reklamo sa kalidad ng hangin sa Distrito ng Hangin sa telepono o online sa lalong madaling panahon kapag mayroong mga emission. Isama ang iyong mga obserbasyon at maraming detalye hangga't kaya mo tungkol sa mga emission at lokasyon nito. Ibigay ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan upang makaugnayan ka ng inspektor sa telepono o sa personal kaugnay ng pagsisiyasat, gayunpaman, maaari mo ring piliing maghain ng reklamo nang anonymous.

## Mga Tip sa Pag-uulat ng Reklamo

Kung nag-uulat ka tungkol sa amoy, subukang iugnay ito sa isang karaniwang maamoy na substance o materyal tulad ng nabubulok na itlog, panis na repolyo, sunog na plastic, chlorine ng swimming pool, bawang, o aspalto. Kabilang sa mga kapaki-pakinabang na salitang panlarawan ang amoy langis, amoy sira o amag, amoy bakal, masakit sa ilong, amoy matamis o maasim, banayad, o matindi. Isaad din kung ang amoy ay hindi nawawala o pabalik-balik, at ang petsa at oras kung kailan ito naamoy. Kapag nagbigay ng mga partikular na detalye, mas matutulungan kaming matukoy ang pinagmulan. Makikita sa aming website ang gabay na impormasyon at mga kapaki-pakinabang na tip sa paghahain ng reklamo tungkol sa kalidad ng hangin.

**Maghain ng Reklamo Tungkol sa Kalidad ng Hangin Online:**
baaqmd.gov/complaints

**Maghain ng Reklamo Tungkol sa Kalidad ng Hangin sa pamamagitan ng telepono sa aming 24 na oras na toll-free na linya sa reklamo:**

**MGA PANGKALAHATANG REKLAMO TUNGKOL SA KALIDAD NG HANGIN:**

1-800-334-ODOR

**MGA REKLAMO SA PAGSUNOG NG KAHOY SA BAHAY:**

1-877-4NO-BURN

Iba ang pangangasiwa sa mga reklamo sa usok ng kahoy sa bahay at umuusok na sasakyan. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang **baaqmd.gov/complaints.**

# Paano Namin Pinapangasiwaan Ang Iyong Mga Rellamo

1. Itinatalaga ng isa sa aming mga dispatcher sa isang Inspektor ang iniulat na reklamo sa kalidad ng hangin.

2. Sinusuri ng inspektor ang mga detalye ng reklamo na ibinigay mo at nagsasagawa siya ng pagsisiyasat upang tukuyin ang pinagmumulan at dahilan ng mga emission. Maaari kang tawagan o bisitahin nang personal ng inspektor bilang bahagi ng pagsisiyasat.

3. Nagsasagawa ang inspektor ng pagsisiyasat sa hinihinalang site/pasilidad upang tukuyin ang pagsunod sa mga naaangkop na regulasyon sa kalidad ng hangin. Kung may matutuklasang paglabag sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin ng Distrito ng Hangin, estado, o pederal na gobyerno, magsasagawa ng aksiyon sa pagpapatupad. Ang isang paglabag ay karaniwang nagreresulta sa multa upang manghimok na hindi ulitin ang mga paglabag.

4. Dinodokumento ng inspektor ang mga natuklasan sa pagsisiyasat sa hinihinalang site. Maaari ding abisuhan ng inspektor ang iba pang ahensya sa pangangasiwa at makipagtulungan sila sa mga ito upang pagaanin at lutasin ang mga alalahanin sa pagsunod.

5. Nakabalangkas sa ulat ng reklamo ng inspektor ang mga natuklasan at resulta ng pagsisiyasat. Maaari kang humingi ng kopya ng ulat ng Inspektor habang ihinahain ang reklamo, o sa pamamagitan ng paggawa ng Kahilingan sa Mga Pampublikong Tala sa aming website. Para sa higit pang impormasyon sa aming Patakaran at Mga Proseso ng Reklamo, bisitahin ang baaqmd.gov.

# Serbisyo sa Pagsasalin ng Wika

Ang Air District ay nag-aalok ng serbisyo sa pagsasalin ng wika sa pamamagitan ng telepono para sa mahigit na 150 wika. Para ma-access ang serbisyong ito, tumawag sa amin sa 1-800-334-ODOR, at isaad ang wikang nais mo kapag nakonekta ka sa Dispatsador. Makikita ang listahan ng mga magagamit na wika sa baaqmd.gov/complaints.

# Pagiging Kumpidensyal

Papanatilihing kumpidensyal ng Air District ang impormasyon ng naghain ng reklamo, gaya ng pangalan, address, at numero ng telepono, hanggang sa pinapahintulutan ng batas. Ang ganitong impormasyon ay ilalabas lang sa mga napakalimitadong sitwasyon at hindi regular na inilalabas.

# Batas para sa Abala sa Publiko at Mga Regulasyon ng Air District

Maaaring hatawan ang mga pasilidad kung ito ay lumabag sa batas ng Estado ng California sa pang-iistorbo sa publiko, na nagbabawal sa mga emisyong nagdudulot ng mga negatibong epekto sa karamihang tao o sa publiko (California Health and Safety Code §41700).


Puwede ring ireklamo ang mga pasilidad dahil sa paglabag sa isa o higit pang regulasyon o mga kinakailangan sa pahintulot ng Air District. Matuto pa tungkol sa mga panuntunan at regulasyon ng Air District sa baaqmd.gov/rules.

# Kapantayan

Ang Air District ay nakatuon sa pagprotekta at pagpapabuti ng Kalidad ng Hangin sa maraming magkakaibang pamayanan at kapitbahayan ng Bay Area. Kasama sa mga pangunahing pagpapahalaga ng ahensya ang karapatan para sa lahat ng residente ng Bay Area para makahinga ng malinis na hangin, anuman ang kasarian, etnisidad, o socioeconomic na kalagayan, at ang kahandaang "mapasama, makinig, at makipag-ugnayan sa lahat ng apektado para makabuo ng malawak na pagtanggap para sa malusog na solusyon sa hangin."

# Tungkol sa Air District

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang pang rehiyong ahensiyang responsable sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam-na-county ng Bay Area, kabilang ang mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at southern Sonoma.




# Makipag-Ugnayan sa Amin:

**COMPLIANCE ASSISTANCE:**
1-415-749-4999

Bay Area Air District
CLEAN AIR FOR ALL

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict